

Ano ang Aasahan Pagkatapos Mong Mag-apply para sa Tulong sa FEMA

Release Date: Dec 16, 2022

Kung ang iyong pangunahing tirahan ay nasa Brevard, Flagler, Lake, Putnam, St. Johns, o mga counties ng Volusia at ang iyong tahanan at/o personal na ari-arian ay nasira ng Hurricane Nicole, Maaaring makatulong ang FEMA sa tulong na may kaugnayan sa sakuna o iba pang mahahalagang pangangailangan na nauugnay sa sakuna na hindi sakop ng insurance.

Mayroong ilang mga paraan upang mag-apply: Mag-online sa DisasterAssistance.gov, gamitin ang [FEMA app](#) para sa mga smartphones o tumawag sa 800-621-3362. Ang mga tawag ay tinatanggap araw-araw mula 7 a.m. hanggang 11 p.m. ET. Available ang tulong sa karamihan ng mga wika. Kung gumagamit ka ng serbisyo ng relay, gaya ng video relay (VRS), teleponong may caption o iba pang serbisyo, ibigay sa FEMA ang numero para sa serbisyong iyon. Para matingnan ang isang naa-access na bidyo tungkol sa kung paano mag-apply bisitahin ang: [Three Ways to Register for FEMA Disaster Assistance - YouTube](#).

Kapag ang dalawa o higit pang mga sakuna ay idineklara para sa parehong itinalagang lugar, ang FEMA ay nagtatrabaho upang matiyak na ang mga aplikante ay makakatanggap ng lahat ng karapat-dapat na tulong habang pinipigilan ang pagdoble ng mga pederal na benepisyo

Ang mga pamilyang nakaranas ng pinsala ng parehong Hurricanes Ian at Nicole ay dapat magparehistro muli sa FEMA. Hindi magbabayad ang FEMA para sa mga dobleng pagkawala, ngunit maaaring magbigay ang FEMA ng tulong para sa bagong pinsalang dulot ng pangalawang deklarasyon ng kalamidad.

Kapag gumagawa ka ng iyong aplikasyon, dapat mong ibigay ang:

- Ang iyong kasalukuyang numero ng telepono kung saan maaari kang makontak
- Ang iyong kasalukuyang address at ang iyong address sa oras ng kalamidad.
- Ang iyong numero ng Social Security.



FEMA

Page 1 of 2

- Pangkalahatang paglalarawan ng pinsala at mga nawala dulot ng sakuna.
- Pangalan ng lahat ng nakatira sa sambahayan.
- Ang taunang kita ng iyong sambahayan, bago ang mga buwis, sa oras ng sakuna.
- Impormasyon sa pagbabangko, kung kwalipikado ka para sa tulong sa sakuna at kung gusto mong makatanggap ng mga pondong direktang idineposito sa iyong bank account.
- Kung naka-insured, ang mga uri ng insurance na mayroon ka, at kapag available, ang numero ng policy o ang ahente at/o ang pangalan ng kumpanya

Kung mayroon kang insurance para sa pagmamay-ari ng bahay, umuupa o sa baha, dapat kang maghain ng claim sa lalong madaling panahon. Hindi maaaring madoble ng FEMA ang ang mga benepisyo para sa mga pagkawala na sakop ng insurance. Kung hindi saklaw ng iyong policy ang lahat ng iyong mga gastos sa sakuna, maaari kang maging karapat-dapat para sa tulong ng pederal.

Para sa isang naa-access na bidyo sa mga inspeksyon sa tahanan ng FEMA, pumunta sa [youtube.com/watch?v=kXMaDkY3Q2o](https://www.youtube.com/watch?v=kXMaDkY3Q2o).

Para sa pinakabagong impormasyon sa pagbangon ng Florida mula sa Hurricane Nicole, bisitahin ang floridadisaster.org/info at fema.gov. I—follow ang [FEMA](https://www.fema.gov) [@femaregion4](https://twitter.com/femaregion4) / Twitter at ang facebook.com/fema.

###

